


# Ang Plano Para sa Inyong Anak

Suporta para sa Pagbuo Ng Plano Para sa Inyong Anak (Edad 3-13) Ayon sa Kanyang Pangangailangan

Individual Program Plan (IPP)

Department of Developmental Services



# *Pagbuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa Inyong Anak ayon sa Kanyang Pangangailangan*

Ang apat na bahaging gabay na ito ay dinisenyo upang makatulong sa mga pamilya na bumuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa kanilang anak (edad 3-13). Kabilang dito ang isang workbook upang makatulong sa mga pamilya na tukuyin ang mga ninanais, kagalingan at pangangailangan, at hangarin ng kanilang anak. Makakahanap rin kayo ng mga tip para sa bago, panahon ng, at pagkatapos ng planning meeting.


## Mga Pagkilala

Ang materyal sa gabay na ito ay batay sa **It's My Choice (Minnesota Governor's Council on Developmental Disabilities)** and **More Than A Meeting (California Department of Developmental Services - DDS)**

Espesyal na pasasalamat kay Colleen Wieck at sa Minnesota Governor's Council on Developmental Disabilities para sa pahintulot na gamitin ang ilan sa nilalaman at pormat ng *It's My Choice* para sa gabay sa California na ito.

Salamat din kina William Allen ng Allen, Shea & Associates at Mary Lou Bourne ng Person Centered Consulting para sa kanilang trabaho sa gabay na ito.



*Lisensya ng imahe:*
*Artist Tracey Mensch, “The Balloon Bouquet of Love” (2023)*

# MGA NILALAMAN


**Tungkol sa Gabay na Ito** pahina 4

**Bago Kayo Magsimula** pahina 5

**Bahagi 1** Paghahanda para sa Individual Program Plan (IPP) ng Inyong Anak pahina 7

- Tungkol sa Inyong Anak pahina 10

**Bahagi 2** Bago ang Inyong IPP Meeting pahina 21

**Bahagi 3** Sa Panahong ng Inyong IPP Meeting pahina 25

**Bahagi 4** Pagkatapos ng Inyong IPP Meeting pahina 32

**Mga Tatandaan** pahina 38




# TUNGKOL SA GABAY NA ITO

Ang gabay na ito ay para sa mga pamilya na may mga batang edad tatlo hanggang labingtatlo na mayroong kapansanang intelektwal o debelopmental at naka-enrol sa Regional Center sa pamamagitan ng Lanterman Act. Isinulat ang gabay na ito upang makatulong sa mga magulang, tagapag-alaga o iba pang kasapi ng pamilya na matukoy at maitala ang mga ninanais, kagalingan, at layunin para sa inyong anak. Mahalaga ang lahat ng bahaging ito sa paglikha ng epektibong Individual Program Plan. Ang gabay na ito ay tutulong din sa inyo na:

- Pag-isipan kung ano ang gusto ninyong talakayin sa panahon ng proseso ng IPP, at kung paano tumuon sa mga bagay na pinakamahalaga sa inyong anak at sa inyong pamilya, at matukoy ang mga pangangailangan ng inyong anak.
- Ibahagi ang mga ninanais para sa inyong anak at pamilya batay sa inyong kultura, gamit ang gusto ninyong wika sa pagbuo ng plano.
- Malaman ang mga karapatan ng inyong pamilya at ang kahalagahan ng paggamit sa inyong mga karapatan sa proseso ng pagpaplano.
- Rebyuhin ang plano ng inyong anak upang matiyak na ipinapakita nito ang mga ninanais at pangangailangan ng inyong anak, at ang pinakamahusay na paraan ng pagsuporta sa kanya.



# BAGO KAYO MAGSIMULA

## MADALING UNAWAIN

Ang gabay na ito ay isinulat gamit ang pangkaraniwang mga salita upang madaling ipaliwanag at maunawaaan ang mga bagay-bagay. Ito ay nagpapakita ng paggalang sa lahat. **Ang mga taong may kapansanang debelopmental at ang kanilang mga pamilya, kaibigan, at tagapagtaguyod ay dapat may kaparehong ACCESS sa impormasyon tulad ng iba.** Ang pag-access ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng impormasyon kapag kailangan ito, at pag-unawa sa kung ano ang nakasulat upang:

- Ang mga taong may kapansanang debelopmental na marunong magbasa ay makapagbasa at makagamit nito
- Ang mga pamilya at kaibigan na nagtataguyod sa mga hindi marunong bumasa ay madaling makapagpaliwanag nito
- Madali itong maisalin sa ibang wika at mapanatili ang original na kahulugan nito
- Lahat tayo ay makaunawa sa impormasyon sa parehong paraan

## TANDAAN TUNGKOL SA KULTURA

Sa buong gabay, makikita ninyo ang simbolong ito. Ipinapakita nito sa inyo ang mga tanong na maaaring makatulong sa inyo na magbahagi ng mga bagay na mahalaga sa inyo tungkol sa inyong kultura at identidad ng inyong anak at pamilya. Makakatulong ito sa inyo upang ilarawan ang mga bahagi ng inyong kultura at identidad na mahalaga sa pag-unlad ng inyong anak.

## TANDAAN TUNGKOL SA WIKA

Ang gabay na ito ay gumagamit ng first person at kumikilala sa unang wikang natutunan. Anuman ang gusto ninyong gamiting wika, lahat ay sumasang-ayon sa kahalagahan ng inyong anak sa proseso ng IPP. Ginagamit namin ang salitang “**bata**” kapag nagsasalita tungkol sa mga bata na nasa pagitan ng edad na 3 at 13. Sa buong gabay na ito, ginagamit namin ang salitang “**pamilya**” kapag nagsasalita tungkol sa tagapag-alaga, magulang o iba pang responsableng mga taong nasa hustong gulang sa buhay ng bata. Tiyakin na sabihin sa inyong service coordinator ang mga salitang pipiliin ninyo na kakatawan sa inyo.

# ILANG SALITA AT TERMINO NA GINAGAMIT SA IPP MEETING

| Salita o Termino | Ano ang Ibig Sabihin nito |
|---|---|
| **BAHAGI NG BUHAY** | Ang aspeto ng buhay ng bata kung saan maaari kayong magkaroon ng mga hangarin tulad ng *edukasyon, mga relasyon, o pakikilahok sa komunidad.* |
| **PANGANGAILANGAN** | Sinasabi nito kung ano ang kailangan ng isang tao (tulad ng mga serbisyo at suporta) upang makamit ang isang hangarin. |
| **RESULTA** | Ito ang aktwal na nangyayai sa isang hangarin. Halimbawa: *Mag-isang nagbihis si Jerry* o *Gustong magkaroon ng mga kaibigan ni Monique.* |
| **PANGMAIKLING PANAHON at PANGMATAGALANG PANAHON NA MGA LAYUNIN** | Ang ibig sabihin ng pangmaikling panahon ay magaganap ito sa nalalapit. Pagkalipas ng isang taon o mas maaga. Ang ibig sabihin ng pangmatagalang panahon ay isang bagay sa hinaharap, tulad ng dalawa hanggang dalawampung taon. |
| **SERVICE COORDINATOR** | Ang service coordinator ay ang taong mula sa regional center na tutulong sa inyo na malaman ang mga serbisyo at suporta na kinakailangan ng inyong anak upang makamit ang panandalian at pangmatagalang mga layunin ng inyong pamilya. |
| **MGA TAGUMPAY / KAGALINGAN** | Sinasabi nito kung saan magaling ang isang tao o ang kanyang gustong gawin, ang pagbuti at pag-unlad ng mga ginagawa para sa mga hangarin mula sa nakaraang taon, o mga bagong bagay na natutunan niya. |

Kung may ibang mga salita o termino sa IPP na gusto ninyong itanong sa inyong service coordinator, isulat ang mga ito at itanong:



# Bahagi 1 (Unang Bahagi)

## Paghahanda sa Pagbuo ng IPP ng Inyong Anak Ayon sa Kanyang Pangangailangan

## ANO ANG PAGPAPLANO AYON SA PANGANGAILANGAN NG INYONG ANAK?

Ang **Pagpaplano Ayon sa Pangangailangan ng Inyong Anak** ay isang paraan para masabi ng inyong pamilya kung ano ang pinakamahalaga sa inyong anak. Nagsisimula ito sa pag-uusap sa pagitan ng mga magulang at ibang mga tagasuporta tulad ng isang guro, mga kaibigan, o ibang mga tao sa buhay ng inyong anak. Mailalarawan ninyo ang:

- Mga hangarin sa buhay ng inyong anak at kung anong suporta ang makakatulong sa kanya na makamit ang mga hangaring iyon.
- Ano ang nais gawin ng inyong anak para sa kasiyahan.
- Saan magaling ang inyong anak at ang mga talento na sa palagay niya ay meron siya.

Ang pag-uusap ay nakakatulong upang malaman kung saan nag-ienjoy ang inyong anak at kung ano ang nakakahadlang sa inyong pamilya na mamuhay ayon sa gusto ninyo sa inyong piniling komunidad. Dapat itong gawin sa isang paraang kagalang-galang at makikinig sa mga ideya ang isa't isa.

Ang mga pinakamahalagang bagay na dapat tandaan tungkol sa person-centered planning ay:

- Kayo at ang inyong anak ang mga eksperto sa kanyang buhay.
- Ang inyong pamilya ang gagawa ng desisyon.
- Kung paano gustong mamuhay ng inyong pamilya ang dapat mailarawan sa katapusan ng pagpaplano.





# ANG PAGPAPLANO AYON SA PANGANGAILANGAN NG INYONG ANAK AT ANG INYONG INDIVIDUAL PROGRAM PLAN (IPP)

(mula sa **A Consumer's Guide to The Lanterman Act**)

Ang Lanterman Act ay ang batas ng California na nangangako ng mga serbisyo at suporta sa mga taong may debelopmental na kapansanan at sa kanilang mga pamilya. Ang mga serbisyo at suportang ito ay iniaalok sa pamamagitan ng 21 regional center at ang kanilang mga tagabigay ng serbisyo. Ang Individual Program Plan (IPP) ay isang kasunduan sa pagitan ng inyong anak at pamilya at ng regional center. Ang IPP ay napakahalaga dahil tinatala nito ang mga hangarin ng inyong anak, kasama ang mga serbisyo at suporta na maaaring matanggap sa regional center. Ang gabay na ito ay tutulong sa inyo sa paghahanda para sa miting na iyon.

Ang inyong service coordinator mula sa regional center ay magpaplano ayon sa pangangailangan ng inyong anak at makikipagtulungan sa inyo para sa susunod na IPP ng inyong anak. Ang bagong IPP ay maglalaman ng mga:

- Mahahalagang bagay **tungkol sa inyong anak** at **impormasyon tungkol sa IPP meeting**
- Paano **nakikipag-usap ang inyong anak** at ang inyong **layunin para sa kanyang kinabukasan**
- Paano matututo ang inyong anak na **magdesisyon** at ang **mga bahagi ng buhay** na mahalaga sa kanya
- Ano ang gagawin sa isang **emergency**

**Ang mga aktibidad at mga checklist na nilalaman ng gabay na ito ay ginamit sa sari-saring paraan.**
**Ang alinman sa mga material ay maaaring kopyahin o palitan upang matugunan ang inyong mga pangangailangan.**

# Tungkol sa Inyong Anak

## Ang workbook na ito ay tungkol kay:

## TUNGKOL SAAN ITO?

Sa susunod na ilang pahina, magkakaroon kayo ng pagkakataon na pag-isipan ang buhay ng inyong anak. Ito ay isang pagkakataon na maisulat ang mga bagay na mahalaga sa kanya at ang mga uri ng suporta na kailangan niya sa araw-araw na buhay. Sa bawat pahina, makikita ninyo ang ilang tanong tungkol sa inyong anak at ang lugar na pagsusulatan ng mga dapat tandaan.


Mabuting dalhin ang impormasyon na ito sa inyong susunod na planning meeting upang matulungan kayo at ang inyong service coordinator na bumuo ng Individual Program Plan (IPP) para sa inyong anak.

Puwede ring gamitin ang impormasyon na ito upang maisulat ang **isang pahinang paglalarawan** na magagamit sa bahay, paaralan, at/o anumang serbisyo na sumusuporta sa inyong anak.

**Tandaan:** Ito ay isang paraan lamang upang masimulan ang pagbuo ng isang IPP. Tingnan ang mga **Isinulat** sa dulo ng gabay na ito para sa isang talaan ng iba pang paraan sa pagsisimula ng plano o magtanong sa inyong service coordinator tungkol sa local resources.

# MGA TAONG MAHALAGA SA BUHAY NG INYONG ANAK

Isipin ang mga taong malapit ang loob ng inyong anak. Maaaring sila ang nilalapitan ng inyong anak para sa tulong o pinakanatutuwa ang inyong anak kapag sila ay kasama. Mga taong lubos na nakakikilala sa inyong anak, at nagmamalasakit sa kanya. Ito ang mga taong maaaring makatulong sa inyo sa paglalarawan kung ano ang mahalaga sa inyong anak. Isulat ang kanilang mga pangalan sa de-kulay na bilog na nakapaligid sa Inyong Anak. Maaaring kabilang dito ang mga kamag-anak, mga taga-paaralan, mga kaibigan, at mga kapitbahay. Imbitahan sila na ibahagi ang kanilang mga iniisip habang sinasagutan ninyo ang mga tanong sa susunod na mga pahina.



# Pagpapahalaga at Pagpaparangal sa Inyong Anak

Dito ay pag-uusapan ang magagandang bagay na pinapahalagahan ninyo at ng iba tungkol sa inyong anak. Maaaring kabilang sa inyong mga isinulat ang:

- Mga positibong katangian, kagalingan, at talento
- Ano ang gusto ninyo at ng iba tungkol sa inyong anak
- Ano ang ginagawa ng inyong anak upang mapangiti ang ibang mga tao
- Ano ang hinahangaan o ina-appreciate ninyo at ng mga ibang tao tungkol sa inyong anak

## Inyong Mga Isinulat

# Ang Mahalaga sa Inyong Anak

Ano ang mahalaga sa inyong anak mula sa kanyang pananaw:

- Mga bagay-bagay sa buhay na nakakatulong sa inyong anak na makaramdam ng kasiyahan, pagkakuntento, kaginhawaan, katuparan at kaligayahan
- Mga taong gusto niyang makasama, o mga relasyon na lubos niyang inaasahan
- Mga bagay na gagawin at mga lugar na pupuntahan (mga hobby/interest, kailan at gaano kadalas)
- Mga nakaugaliang gawain o pamamaraan
- Ang kanyang identidad, mga pangkat ng mga taong gusto niyang makaugnayan
- Ang mga bahagi ng kanyang heritage na talagang nakaka-relate siya

## Inyong Mga Isinulat

## Ang Mahalaga Para Sa Inyong Anak

Ito ang mga bagay na nakikita ninyo at ng iba na mahalaga upang suportahan ang inyong anak para:

- manatiling ligtas at malusog;
- manatiling malaya at buo ang loob sa pananakot o pambu-bully;
- maging isang mahalaga at nakakatulong na miyembro ng komunidad na pinili niya; at,
- matutong harapin ang pananagutan.

## Inyong Mga Isinulat

# Ano ang kailangang malaman ng mga tao para masuportahan ang inyong anak?

- Anong suporta ang makakatulong?
- Anong impormasyon ang kailangan ng mga tao upang masuportahan ang inyong anak?
- Anong mga bahagi ang nangangailangan ng ibang uri ng suporta?
- Anong mga skill o expertise ang kailangan?
- Anong uri ng tao ang pinakamadaling maka-relate at pinakamagaling na makipagtulungan sa inyong anak?

## Inyong Mga Isinulat

Magagamit ang impormasyong itinala ninyo rito upang makagawa ng **Isang Pahinang Paglalarawan**. Magagamit ito bilang isang resource sa mga kasambahay, programa at pansuportang staff. **Tingnan ang pahina 17 para sa karagdagang impormasyon.**

# Ang Layunin para sa Hinaharap

- Ano ang inyong mga plano sa hinaharap at mga hangarin para sa pangmatagalang panahon para sa inyong anak?
- Ano ang nais ninyong magawa ng inyong anak kapag siya ay nakapagtapos ng pag-aaral?
- Ano ang larawan ng isang posibleng magandang buhay para sa inyong anak? Saan siya titira? Papasok sa paaralan? Magtratrabaho? Magiging aktibo sa sa komunidad? Mga relasyon? Mga serbisyo at suporta?
- Anong mga hakbang ang kailangang gawin ninyo at ng iba upang makatulong sa inyong anak na makamit ang mga hangaring ito?

## Inyong Mga Isinulat

Ang layunin para sa hinaharap ay makakatulong sa inyo sa paggawa ng mga hangarin para sa pangmatagalang panahon at magagamit sa IEP ng paaralan at sa IPP ng regional center. Tingnan ang **Inyong Mga Isinulat** sa dulo ng gabay na ito para sa iba pang paraan upang makalikha ng isang layunin para sa hinaharap. Pag-isipan ang muling pagbisita sa inyong layunin kada taon upang makita ang pag-usad nito at mabago kung kinakailangan.

# ISANG PAHINANG PAGLALARAWAN

Kung may panahon kayo, pag-isipan ninyong kunin ang impormasyon mula sa **Tungkol sa Inyong Anak** upang makumpleto ang isang pahina ng paglalarawan. Sa pahinang ito ay isang ejemplo ng paglalarawan para kay Tommy. Ginagamit ito ng kanyang mga magulang bilang isang panimula sa kanyang mga bagong guro sa preschool. Magagamit rin ninyo ito sa maraming paraan. Halimbawa, kapag magsisimula ang inyong anak ng bagong taon sa paaralan, sasali sa club o sa bagong sports team, o magta-transisyon tungo sa bagong day care.

Ang layunin ay itaguyod ang suporta na nakatuon sa pangangailangan ng tao anuman ang kapaligiran. Nasa susunod na pahina ang magagamit ninyong paglalarawan sa inyong anak.

Ang isang pahina ng mga profile o paglalarawan ay unang binuo ni Helen Sanderson at ng The Learning Community for Person Centered Thinking.

**Isang Pahinang Paglalarawan para kay: Tommy**

**Ano ang nagugustuhan at hinahangaan ng mga tao tungkol kay Tommy:**

- Matalino at cool
- Mapagpatawa
- Palaging mabait
- Gustong-gusto ang sports
- Magaling sa pagtugtog ng piano
- Masayahin at maalalahanin
- Masayang kasama

**Paano pinakamahusay na masuportahan si Tommy:**

- Tahimik si Tommy pero siya ay masigla. Kailangan niyang gamitin ang kanyang enerhiya sa pamamagitan ng pagtakbo, paglundag at paglalaro sa labas.
- Palaging inuuna ni Tommy ang gusto ng ibang mga tao kaysa sariling nais. Minsan ay kinakailangan niya ang pampatibay-loob upang masabi kung ano ang kanyang gusto.
- **Nababalisa si Tommy sa ilang sitwasyon na inaakala niyang mahirap.** Kausapin siya tungkol sa bagay na maaaring maghatid ng pagkabalisa bago ito mangyari upang kumalma siya.



**Ano ang mahalaga kay Tommy:**

- Pagguhit gamit ang water pastels at paggawa ng mga larawan
- Makipag-usap sa mga kaibigan araw-araw
- Kumain ng pizza sa hapunan kahit isang beses kada linggo
- Makipaglaro kina Forrest, Heather, Doggie at Sophia
- Maglaro ng Tonka trucks
- Paggawa ng mga bagay gamit ang salt dough
- Mag-imbita ng mga kaibigan sa isang sleepover at gumawa ng forts
- Maglaro sa trampoline
- Manood ng tv at mga Dvd habang kumakain ng popcorn
- Matulog kasama ang paboritong stuffed toy
- Tumanggap ng maraming pampatibay-loob bago subukan ang mga bagong bagay

**Isang Pahinang Paglalarawan para kay:**

**Ano ang nagugustuhan at hinahangaan ng mga tao tungkol kay**

**Paano pinakamahusay na masuportahan si**

**Ano ang mahalaga kay**

# MGA BAHAGI NG BUHAY PARA SA PAGTATAKDA NG HANGARIN SA IPP MEETING NG INYONG ANAK

Sa panahon ng IPP meeting, kayo at ang inyong anak ang mangangasiwa sa pagtatakda ng isa o ilang mga hangarin ng IPP. Ang mga hangarin na iyon ay aakma sa isa o higit pang mga bahagi ng buhay batay sa kung ano ang nalalaman ninyo tungkol sa mga kagalingan at suportang kailangan ng inyong anak. Tingnan muli ang inyong **Mga Itinala** at tingnan ang mga nakasulat na bahagi ng buhay na pinakamahusay na sumasaklaw sa inirekord ninyo.

| BAHAGI NG BUHAY | | Mga Hangarin na Maaaring Gusto Ninyong Pag-usapan |
|---|---|---|
| **Pinili/Adbokasiya** | ☐ | Mga pinili at desisyon na inaasahan ninyong gagawin ng inyong anak sa hinaharap. Para sa mga bata, maaaring ito ay ang matuto ng gawain, o pagpili ng kasuotan, ang magpahayag at magtakda ng personal na mga limitasyon. Nangangailangan ba ang inyong anak ng tagapagtaguyod (advocate) sa ngayon? Mangangailangan ba siya sa hinaharap? |
| **Pakikilahok sa Komunidad** | ☐ | Mga interes, hobby, aktibidad at mga lugar kung saan nag-i-enjoy ang inyong anak. Mga bagong paraan na gusto ninyo at ng inyong anak na gugulin ang panahon sa komunidad. |
| **Edukasyon/ Pagkatuto** | ☐ | Mga Hangarin sa paaralan para sa inyong anak. O, mga bagong bagay na gustong matutunan ng inyong anak. |
| **Trabaho** | ☐ | Ano ang ambisyon ng inyong anak paglaki niya? |
| **Pangangalagang Pangkalusugan/Kabutihan** | ☐ | Mga pagbabago sa mga pangangailangan sa kalusugan o gamot ng inyong anak. Mga bagong doktor o mga bagong isyu sa kalusugan sa buhay ng inyong anak. |
| **Buhay sa Bahay/Pabahay** | ☐ | Mga pagbabago sa serbisyo at suporta na kinakailangan ng bata sa bahay, sa pagbabago ng bahay o sa paggawa sa inyong bahay na mas maa-access at ligtas. |

**Ipinagpatuloy sa susunod na pahina**

# Mga Hangarin na Maaaring Gusto Ninyong Pag-usapan

| | | |
|---|---|---|
| **Kinikita/Pinansiya** | ☐ | Maaaring gusto ninyong pag-usapan ang tungkol sa mga benepisyo ng inyong anak, o kung paano siya maaaring kumita ng pera sa hinaharap, o matuto sa paggugol o pag-iimpok ng pera. |
| **Personal/Emosyonal na Pag-unlad** | ☐ | Mga serbisyo at suporta na maaaring kailanganin ng inyong anak para sa kanyang emosyonal na kabutihan at/o kalusugan ng pag-iisip. |
| **Mga Relasyon** | ☐ | Suporta na maaaring kailanganin ng inyong anak sa pagbuo ng malusog na relasyon sa mga kaibigan, pamilya, at iba pa. |
| **Mga Konsiderasyon sa Kaligtasan** | ☐ | Anumang mga pag-aalala na maaaring meron kayo at ang inyong team tungkol sa kaligtasan ng inyong anak sa bahay o sa komunidad. Pagtulong sa inyong anak na magsimulang maunawaan ang mga boundary. |
| **Mga Suporta sa Bahay** | ☐ | Mga pagbabago sa mga ninanais, pangangailangan, at suporta sa bahay. |
| **Transportasyon** | ☐ | Mga paraan upang magpunta ang inyong anak sa komunidad ngayon at mga pagbabago sa transportasyon na tutulong sa kanyang makilahok sa inyong komunidad. |

**Karagdagang mga Hangarin na Gusto Ninyong Isama sa IPP ng Inyong Anak:**

Halos handa na kayo para sa inyong miting! May ilan pang mga bagay na dapat pag-isipan at makikita ninyo ang mga ito sa **Bahagi 2: Bago ang Inyong IPP Meeting.**



# Bahagi 2

## Bago ang Inyong Planning Meeting

# ILANG BAGAY NA PAG-IISIPAN KAPAG NAGPAPLANO KAYO PARA SA MGA SERBISYO AT SUPORTA PARA SA MGA PANGANGAILANGAN NG INYONG ANAK

**Mahalagang isipin ang tungkol sa** — mga paraan upang madagdagan ang mga pagkakataon para matuto ang inyong anak ng mga bagong skill at siguruhin na ang mga oportunidad na iyon ay nasa IPP.

**Dapat itinatala sa plano ng inyong anak ang** — mga suporta at serbisyo na makakatulong sa kanya kung ano ang maghihikayat sa kanya tungo sa mga hangarin para sa kinabukasan — tulad ng pagsakay ng bus, pagbihis, o pagiging kasundo ng iba.

Ang mga bata at kabataan ay madalas na natututo ng mga bagong skill mula sa mga nakapaligid sa kanila, at sa mga lugar kung saan ang mga skill na iyon ay karaniwang ginagamit. Ang ilan sa ibang mga halimbawa kung kailan pinakanatututo ang mga bata ay inilalarawan sa sumusunod:

- **Kapag gumagamit sila nito** — tulad ng paggamit ng pera kapag bumili ng isang bagay sa tindahan.
- **Kapag natututo sila ng mga bagong skill sa panahon na karaniwang nagaganap ang mga ito** —tulad ng pagsakay sa bus upang makapunta sa paaralan at kung paano matutong magluto sa pamamagitan ng pagtulong sa paghahanda ng mga pagkain.
- **Mula sa pagmamatyag sa ibang mga tao** — tulad ng mga gawaing bahay sa pamamagitan ng panonood o pagtulong sa ibang mga tao sa bahay sa paggawa nito.
- **Kapag ang mga bagay na natutunan nila ay kapaki-pakinabang** — tulad ng paggamit ng isang smartwatch o isang computer, pakikipaglaro sa ibang mga bata o pagsakay ng bisikleta.

# PAGPAPLANO PARA SA INDIBIDWAL NA PROGRAMA AT MGA KARAPATAN NG INYONG ANAK

**Isang mabuting ideya na alamin ang inyong mga karapatan bago ang inyong planning meeting.**

**Kabilang sa mga karapatan ng inyong anak at pamilya sa proseso ng IPP ang mga sumusunod:**

**Sino ang dadalo sa miting-**

- Imbitahan ang mga taong gusto ng inyong anak at ninyo na dumalo sa IPP meeting.
- Padaluhin ang mga taong pinagkakatiwalaan ninyo upang suportahan ang inyong anak.
- Isang interpreter o isang facilitator (tagatulong), kung nangangailangan kayo nito.

**Paano isinasagawa ang miting -**

- Pagtawag sa pangalan at panghalip na panao (pronoun) na pinili ninyo.
- Pagbigay ng impormasyon sa inyong katutubong wika.

**Ang kalidad ng miting -**

- Sabihin kung kailan at saan dapat idaos ang miting.
- Masagot sa lalong madaling panahon ang lahat ng mga tanong o alalahanin.
- Piliin ang mga serbisyo at suporta na kailangan ng inyong anak upang mamuhay at makapagtrabaho nang mag-isa o mas kaunting pangangasiwa ng iba.
- Piliin ang mga serbisyo at suporta para sa inyong anak sa pinaka-integrated na setting na maaari atsa kanyang piniling komunidad.

**Kapag hindi kayo sumasang-ayon sa anumang bahagi ng pagpupulong o sa plano -**

- Alamin kung ano ang gagawin kapag ang inyong anak o kayo ay may bagay na hindi nagugustuhan sa plano ng inyong anak.
- Tumutol sa anumang pagbabago sa mga serbisyo sa IPP ng inyong anak.

# PAGSUPORTA SA PAGGAWA NG DESISYON NG INYONG ANAK

Ang isang mahalagang bahagi ng paglaki at pagtanda ay ang matutong magsalita para sa sarili at ang unti-unting paggawa ng mahahalagang desisyon sa paglipas ng panahon. Ang mga skill na ito ay makakatulong sa inyong anak na magtiwala at magtaguyod sa sarili. Kasama ang inyong anak, punan ang sumusunod na chart upang tukuyin ang posibleng mga hangarin sa IPP. Maaaring gusto din ninyong magdagdag ng iba pang mga responsibilidad at skill para sa inyong anak.

| Responsibildiad at mga skill sa paggawa ng desisyon | Sa anong edad magiging mahalaga ito para sa aking anak? | Anong suporta ang kailangan ng aking anak? Paano maituturo ang skill na ito? |
|---|---|---|
| Pagpili ng healthy snack | | |
| Pagtulong sa bahay | | |
| Pagpili kung ano ang isusuot | | |
| Pagiging responsable para sa mga personal na item | | |
| Pag-unawa sa mga boundary na panlipunan at relasyon | | |
| Pagkumpleto sa homework | | |
| Paggawa ng ligtas na mga desisyon | | |




# Bahagi 3

## Ang Planning Meeting Para sa Inyong Anak

## NARITO ANG ILANG BAGAY NA GAGAWIN BAGO ANG IPP MEETING:

Kung ang inyong anak ay mayroong plano mula sa nakaraang taon, tingnan ito. Isipin at pag-usapan ang mga bagay na maayos at hindi maayos na nagawa o nangyari. Tingnan ang **Checklist ng Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Hangarin** upang makita kung kasama ito sa lahat ng gusto mong maisama sa inyong miting. Tiyakin na ang bawat isa na gusto mo ay maimbitahan sa miting at ang miting ay nasa lugar at oras na mainam para sa inyong pamilya. Kung nangangailangan kayo ng isang interpreter, hilingin ito. Kung may mga tanong kayo tungkol sa inyong mga hangarin o suporta na natatanggap ngayon, isulat ang mga ito at dalhin sa inyong miting.

## NARITO ANG ILANG BAGAY NA GAGAWIN SA IPP MEETING:

- Tingnan muli ang workbook na ito at dalhin ang anumang mga isinulat ninyo upang matiyak na mapag-usapan ang tungkol sa bawat isa na nasa inyong listahan.
- Maging positibo. It ay pagpupulong ng inyong pamilya, at ang bawat isa ay gustong tumulong sa inyo.
- Hikayatin ang inyong anak na magsalita at sumali sa pagbuo ng kanyang plano.
- Magtanong at maglaan ng panahon na huminto at makasiguro na nauunawaan ng inyong anak kung ano ang pinag-uusapan.
- Magsulat o magdala ng isang tao na magsusulat para sa inyo.
- Paalalahanan ang lahat na kayo ay nasa miting upang makagawa ng isang plano na makakatulong sa inyong anak na matutong gumawa ng mas maraming bagay sa bahay, sa paglalaro, sa paaralan, at sa komunidad na mag-isa at hind laging inaasa sa iba.
- Kung hindi kayo sang-ayon sa nakasulat sa IPP, magtanong sa inyong service coordinator tungkol sa inyong mga opsyon sa pag-aapela.



# ANG INDIVIDUAL PROGRAM PLAN (IPP) NG INYONG ANAK

Ang mga sumusunod na pahina ay nagpapakita sa inyo ng mga seksyon ng IPP. Ang lahat ng 21 regional center sa California ay gumagamit ng IPP na kasama ang mga seksyon na ito. Bubuuhin ang IPP ng inyong anak ayon sa kanyang pangangailangan. Narito ang impormasyon na kasama sa IPP ng inyong anak:

- Ano ang nagaganap sa inyong buhay-pamilya
- Ang unique na kombinasyon ng kagalingan, abilidad, talento at skill ng inyong anak
- Ano ang mahalaga sa inyong anak at pamilya
- Ang mga hangarin at layunin para sa hinaharap ng inyong anak at pamilya
- Isang listahan ng mga serbisyo at suporta na napagkasunduan ninyo ng planning team

Maaaring maganap ang mga IPP meeting tuwing may pagbabago sa mga pangangailangan o mga hangarin ng inyong anak.

Ang inyong planning team ay maaaring makontak sa pamamagitan ng inyong service coordinator.

# MGA SEKSYON NA MAKIKITA NINYO SA IPP NG INYONG ANAK

**Panimula**

Dito ninyo ibabahagi ang mahahalagang bagay na gusto ninyong malaman ng mga tao tungkol sa inyong anak, kung ano ang kinagigiliwan at hinahangaan ng mga tao tungkol sa kanya, at kung ano ang ipinagmamalaki niya sa buhay.

**Paano Binuo ang Planong Ito**

Ito ay tungkol lahat sa planning meeting. Saan naganap ang miting? Sino ang nasa miting? Ano ang ginawa ng bawat isa sa miting?

**Layunin para sa Hinaharap**

Dito ninyo ibinabahagi ang impormasyon tungkol sa pangmaikling panahon at pangmatagalang panahon na mga mithiin ng inyong anak. Ang pangmaikling panahon ay nangangahulugan na isang bagay na gusto ninyong maganap sa malapit na hinaharap, tulad ng sa isang taon o mas maaga. Ang ibig sabihin ng pangmatagalang panahon ay isang bagay sa hinaharap, tulad ng dalawa hanggang dalawampung taon.

**Komunikasyon**

Mahalaga ang paraan kung paano tayo nakikipag-usap. Gusto ninyong maunawaan ng mga tao ang inyong anak. Dito ninyo ibabahagi ito. Ano ang pinakamahusay na paraan para makipag-usap sa inyong anak? Ano ang kailangang malaman ng iba sa pakikipag-usap sa inyong anak? Ang inyong anak ba ay gumagamit ng suporta o device sa pakikipag-usap? Paano ipinapakita ng inyong anak na nakakaunawa siya? Pag-isipan ang tungkol sa ibang mahalagang impormasyon na gusto ninyong ibahagi.

**Ipinagpatuloy sa susunod na pahina**

Ginamit ba ninyo ang **Tungkol sa Inyong Anak** sa workbook na ito upang maghanda para sa inyong pagpupulong? Kung ginamit ninyo, ang impormasyon para sa mga bahaging ito ng inyong IPP ay makikita sa:

- Pagpapahalaga at Pagpaparangal sa Inyong Anak
- Mahalaga Sa at Mahalaga Para sa Inyong Anak
- Ano ang kailangang malaman ng mga tao para pinakamahusay na masuportahan ang inyong anak?
- Ang Layunin para sa Hinaharap
- Isang Pahinang Paglalarawan

# MGA SEKSYON NA MAKIKITA NINYO SA IPP NG INYONG ANAK

**Paggawa ng Desisyon**

Anong mga desisyon ang ginagawa ninyo para sa inyong anak? Anong mga desisyon ang ginagawa ng inyong anak? Mangangailangan kaya ng isang advocate ang inyong anak sa hinaharap? Mayroon pa bang ibang taong nauugnay sa paggawa ng desisyon para sa inyong anak?

**BAHAGI NG BUHAY**

Ito ay mga paraan upang mapag-usapan ang mga hangarin ng inyong anak at anumang mga suportang kailangan upang makamit ang mga hangaring iyon. Ang bawat Bahagi ng Buhay (Life Area) ay tatalakayin ang ninanasang resulta at ang hangarin sa mga pinakamahalagang bahagi ng buhay ng inyong anak. Magkakaroon din ng impormasyon tungkol sa kailangang gawin upang makatulong na makamit ang hangaring iyon. Maaari ninyong piliin na isama ang maraming Mga Bahagi ng Buhay kung gusto ninyo. Kailangang mayroong kahit isang Bahagi ng Buhay na kasama sa IPP.

**Emergency Planning**

Ang bawat isa ay maaaring makaranas ng emergency sa kanilang buhay, at ang pagkakaroon ng nakahandang plano ay makakatulong sa inyo at sa mga taong nasa paligid ninyo na malaman kung ano ang gagawin. Meron ba kayong emergency plan para sa inyong anak? Anong mga hakbang ang kailangan upang mapanatiling malusog ang inyong anak at ligtas sa panahon ng isang emergency? Sino ang dapat kontakin kapag may isang emergency? Ano ang mahahalagang bagay na kailangang malaman at kailangang gawin ng mga tao upang masuportahan ang inyong anak sa panahon ng emergency?

Ginamit ba ninyo ang **Tungkol sa Inyong Anak** sa workbook na ito upang maghanda para sa inyong pagpupulong? Kung ginamit ninyo, makikita ang impormasyon na ito sa:

- Ang Layunin para sa Hinaharap
- Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Hangarin sa Inyong IPP Meeting
- Mahalaga Sa at Mahalaga Para sa Inyong Anak
- Ano ang kailangang malaman ng mga tao para pinakamahusay na masuportahan ang inyong anak?

# ANG KASUNDUAN SA INDIVIDUAL PROGRAM PLAN NG INYONG ANAK AT ANG SIGNATURE FORM

**Mga Serbisyo at Suporta**

Sa panahon ng IPP meeting, sabihin ninyo ang mga hangarin ng inyong anak para sa mga bahagi ng kanyang buhay. Sabihin din ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta na kailangan niya upang makamit ang mga layunin na iyon. Makakahanap kayo ng impormasyon tungkol sa:

- Sino ang magbibigay ng mga serbisyo
- Kailan ito magsisimula at kailan ito matatapos
- Gaano karaming serbisyo ang ipagkakaloob
- Gaano kadalas tatanggap ng serbisyo ang inyong anak
- Sino ang magbabayad para sa serbisyo

**Kasunduan ng mga Serbisyo**

Sa seksyon na ito, magpapasya kayo kung sang-ayon kayo sa lahat ng mga serbisyo o sa ilan sa mga ito. Puwede rin kayong magpasya na magkaroon ng karagdagang IPP meeting sa loob ng 15 araw o sa mas kalaunan upang pag-usapan pa ang tungkol sa mga serbisyo ng inyong anak kung kayo at ang regional center ay hindi magkasundo. Kung hindi kayo magkasundo ng regional center, puwede ninyong hilingin na ipadala sa inyo ang Abiso ng Aksyon (Notice of Action). Ito ay isang nakasulat na dokumento na nagpapaliwanag sa desisyon.

Ang Kasunduan sa IPP at ang Signature Form ay kailangang kumpletuhin sa IPP meeting ng inyong anak. **Ito ay isang mahalagang form.**

Kapag umalis ang bawat isa sa IPP meeting, dapat ay alam na ninyo:

- Ang mga gustong resulta para sa bawat hangarin sa buhay ng inyong anak
- Ang mga serbisyo at suporta upang makatulong sa inyong anak na makamit ang mga hangaring ito
- Ang mga serbisyong sinang-ayunan ninyo o hindi ninyo sinang-ayunan
- Kung gaano kadalas kayong magkakaroon ng IPP meeting
- Kung anong mga pangangailangan ang maaaring magkaroon ang inyong anak sa hinaharap
- Kung paano kayo makakakuha ng kopya ng IPP ng inyong anak
- Ang mga programa at serbisyo na available sa inyong anak
- Kung paano maghain ng reklamo o isumbong ang isang tao dahil sa paglabag sa batas

# ANG KASUNDUAN SA INDIVIDUAL PROGRAM PLAN NG INYONG ANAK AT ANG SIGNATURE FORM

**Mga Pagkilala**
Ang seksyon na ito ay nagpapakita na ang service coordinator ng inyong anak ay nagbigay sa inyo ng impormasyon sa panahon ng inyong IPP meeting. Dapat ay makipag-usap siya sa inyo tungkol sa:

- Mga serbisyo at suporta na natanggap ng inyong anak noong nakaraang taon
- Ano ang maaaring kailanganin ninyo sa hinaharap
- Gaano kadalas magaganap ang IPP meeting ng inyong anak
- Paano ninyo gustong makuha ang kopya ng IPP ng inyong anak
- Mga programang nag-aalok ng mas maraming pagpipilian tungkol sa kung sino ang nagbibigay ng mga serbisyo at kung paano ibinibigay ang mga ito
- Paano magsampa ng reklamo o isumbong ang isang tao dahil sa paglabag sa batas

**Mga Pirma**
Bilang magulang ng bata, pipirma kayo sa IPP. Kung mayroong ibang legal na mga kinatawan, kailangang pumirma sila sa IPP. Idadagdag din ng service coordinator ang kanyang pirma.

**IPP Survey**

Matapos makumpleto ang IPP ng inyong anak, magkakaroon kayo ng pagkakataon na sabihin sa amin ang anumang bagay tungkol sa inyong miting.

Nasa inyo ang desisyon sa pagsagot ng survey na ito.

Hindi namin hinihingi ang inyong pangalan sa survey kaya pwede kayong maging prangka at tuwirang sumagot.

Maaari ninyong sagutin ang survey sa inyong phone o computer. Maaari rin kaming magpadala ng survey form sa mail.



# Bahagi 4

# Pagkatapos ng Inyong Planning Meeting

# PAANO MASASABI KUNG NAGING MAAYOS ANG PLANNING MEETING PARA SA INYONG ANAK

| | OO | HINDI |
|---|---|---|
| • Nasa miting ba ang lahat ng tao na gusto ninyong dumalo? | | |
| • Handa ba ang bawat isa na rebyuhin ang **Tungkol sa Inyong Anak** at ang **Mga Bahagi ng Buhay para sa Pagtatakda ng Hangarin**? | | |
| • Ang inyong pamilya ba at anak ay tumulong sa pagpasya at kung ano ang nakasulat sa plano? | | |
| • Nakakuha ba kayo ng impormasyon tungkol sa mga uri ng serbisyo na kailangan ninyo upang masuportahan ang inyong anak? | | |
| • Nagkaroon ba kayo ng pagkakataon na itanong ang lahat ng gusto ninyo? | | |
| • Nasagot ba ang lahat ng mga tanong ninyo? | | |
| • Ang mga hangarin ba at ang mga resulta sa plano ng inyong anak ay ang mga nais ninyo? | | |

**Ano ang pinakamagandang parte ng miting?**

**Ano kaya ang bahagi na mas huhusay pa?**

Kung mas maraming sagot na “hindi” sa mga tanong na ito, basahin ang pahina 36 tungkol sa **Mga Tip Sa Kung Ano ang Magagawa Ninyo Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Anak**

# ANG IKAANIM NA BUWAN NA CHECK-UP

Tuwing ikaanim na buwan, tingnan ang **Plano ng Inyong Anak** upang makita kung ang mga bagay-bagay ay ayon sa pagkakasulat sa IPP ng inyong anak. Itanong sa inyong sarili ang mga sumusunod. Ang inyo bang anak ay:

- Nagsisikap sa mga hangarin sa kanyang IPP?
- Nakakatanggap ba siya ng suportang kailangan niya upang mabuhay at maging aktibo sa inyong piniling komunidad?
- Sumasali ba siya sa anumang panlipunan o panlibangang aktibidad na hiniling niya?
- Bumibisita ba siya sa kanyang mga kaibigan at extended family ng sindalas na gusto niya?

| OO | HINDI |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

**Ano pa ang mas huhusay?**

Kung mas maraming “hindi”na mga sagot sa mga tanong na ito, basahin ang pahina tungkol sa **Mga Tip Sa Kung Ano ang Gagawin Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay sa Plano ng Inyong Anak**.

# PAANO KUNG HINDI NAGAGANAP ANG MGA BAGAY-BAGAY SA PLANO NG INYONG ANAK

Kung ang alinman sa mga ito ay nagaganap sa panahon ng o pagkatapos ng miting para sa inyong anak, tingnan ang susunod na pahina para sa **Mga Tip Sa Kung Ano ang Gagawin Kapag Hindi Nagaganap ang mga Bagay-Bagay**:

**Sino ang dadalo sa miting-**

- Ang mga taong gusto ng inyong anak at ng inyong pamilya na nasa miting ay wala roon.
- Ang inyong anak at pamilya ay nangailangan ng isang interpreter, at hindi ito ibinigay.

**Ang kalidad ng miting -**

- Hindi tinalakay ng team ang inyong mga ideya mula sa planning workbook na ito.
- Hindi ang inyong pamilya ang gumawa ng pinal na mga pasya sa mga nakasulat sa plano ng inyong anak.
- Ang impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta ay hindi ibinigay sa inyong anak at pamilya.
- Hindi nasagot ang mga tanong ng inyong anak at pamilya.
- Hindi nirespeto o iginalang ng planning team ang mga gusto ng inyong anak.

**Ang kalidad ng plano -**

- Walang mga petsa para sa pagkumpleto sa mga hangarin ng inyong anak.
- Hindi nakukuha ng inyong anak at pamilya ang kailangang suporta upang ma-update ang plano ng inyong anak habang nagbabago ang buhay.

**Kapag hindi kayo sumasang-ayon sa parte ng miting o plano -**

- Ang mga hangarin at resulta sa plano ng inyong anak ay hindi ang gusto ng inyong anak at pamilya.

# MGA TIP KUNG ANO ANG GAGAWIN KAPAG HINDI NAGAGANAP ANG MGA BAGAY-BAGAY SA PLANO NG INYONG ANAK

**Minsan ay maaaring magbago ang mga bagay-bagay sa buhay ng inyong anak at hindi na katugma ng kanyang IPP. Sa ibang pagkakataon ang IPP service ay hindi nagaganap ayon sa nakasulat sa plano. Mahalagang makipag-usap sa inyong service coordinator tungkol sa mga bagay na hindi nagaganap sa plano ng inyong anak**. Kung kailangan ninyong baguhin ang plano sa serbisyo ayon sa pangangailangan ng inyong anak, hilingin sa coordinator na magdaos ng miting. Kapag humiling kayo ng miting sa regional center, makipag-usap nang prangka sa kanila tungkol sa mga pagbabagong kailangan ninyo. Sa paraang ito, ang service coordinator ay makapaghanda sa miting upang makatulong sa inyo na malaman ang mas mabuting paraan upang maibigay ang mga serbisyo at suporta na kailangan ng inyong anak.

**At, tandaan:**

- Kung gusto ninyo, palagi kayong magsama ng isang kaibigan, tagapagtaguyod, o isang taong nakakikila at sumusuporta sa inyong anak.
- Siguraduhin na nauunawaan ninyo kung ano ang sinasabi ng lahat, kahit na hindi kayo nagsasalita ng Ingles. Ang regional center ay magbibigay ng interpreter kung kailangan ninyo.
- Sa pagtatapos ng miting, magbibigay sa inyo ang regional center ng isang talaan ng mga serbisyo na ibibigay nila sa inyong anak. Kung hindi kayo sang-ayon sa talaan, maaari ninyong iapela ang plano.
- Puwede rin kayong maghain ng reklamo sa Department of Developmental Services kung hindi nagaganap ang mga bagay-bagay. https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/

# KARAGDAGANG MGA TIP SA KUNG ANO ANG GAGAWIN KUNG HINDI NAGAGANAP ANG MGA BAGAY-BAGAY SA PLANO NG INYONG ANAK

**Bukod pa sa mga naunang tip, narito pa ang ilan:**

- **Tulungan ang inyong service coordinator na makilala ang inyong anak at ang inyong pamilya.** Makipag-usap sa inyong service coordinator upang matulungan ninyo sila na makilala ang inyong anak at ang inyong pamilya. Sabihin sa inyong service coordinator kung paano ninyo gustong makontak – sa pamamagitan ng email, telepono, o text. Itabi o itago ang numero ng telepono at ang email ng inyong service coordinator sa isang ligtas na lugar. Hingin din ang pangalan, numero ng telepono at ang email ng kanyang superbisor.

- **Pagkatapos ng IPP meeting, gamitin ang workbook na ito o ang ibang tool sa pagpaplano upang isulat ang anumang mga pagbabago sa mga gusto at hindi gusto ng inyong anak, at mga plano para sa hinaharap.** Makakatulong ito sa inyong service coordinator na malaman kung anong mga pagbabago sa serbisyo at suporta ang maaaring kailanganin ng inyong anak.

- **Itabi sa isang lugar ang inyong mga papeles mula sa regional center**. Ilagay sa isang folder o binder ang inyong mga papeles mula sa regional center o gumawa ng isang folder sa inyong computer.

# MGA TALA: Mga Resource para sa Plano ng Inyong Anak

Ang gabay na ito ay batay sa mga elemento mula sa **It's My Choice**, **Listen to Me**, **Your Personal Passport**, **More Than a Meeting: A Pocket Guide to the Person-Centered Individual Program Plan**, **Essential Lifestyle Plans**, **Families Planning Together, Pacer Center,** at **Helen Sanderson and Associates.**

# Mga Halimbawa ng Iba Pang mga Tool sa Pagpaplano

Narito ang ilang halimbawa ng iba pang tool sa pagpaplano na magagamit upang makapaghanda sa miting para sa inyong anak. Kahit maaaring may kaibahan sa isa't isa ang mga ito, ang layunin ng bawat isa ay suportahan kayo sa pagbuo ng isang plano na may mga hangarin batay sa inyong mga desisyon, kagustuhan, at paglahok sa komunidad. Itanong sa inyong service coordinator ang mga local resource sa pagpaplano ayon sa pangangailangan ng inyong anak.

- **Mga Grupo ng Suporta** at **Grupo ng mga Kaibigan** - Mga grupo ng mga tao na inyong iniimbitahan upang magbigay sa inyo ng suporta at tulungan kayo sa pagpaplano para sa kinabukasan. https://inclusion.com/path-maps-and-person-centered-planning/circles-friends-2/
- **LifeCourse** - Nilikha upang makatulong sa mga indibidwal at pamilya na bumuo ng layunin para sa isang magandang buhay at tukuyin o buuin ang mga suporta na kailangan upang mamuhay sa buhay na iyon. https://www.lifecoursetools.com/lifecourse-library/exploring-the-life-stages/
- **MGA MAPA** at **PATH** - Mga tool sa pagpaplano na dinisenyo upang matukoy ang mga aksyon na puwedeng magawa para sa kanais-nais na kinabukasan. https://inclusion.com/path-maps-and-person-centered-planning/
- **Pag-iisip at Pagpaplano ayon sa Inyong Pangangailangan** - Tumutulong sa mga indibidwal na matukoy ang mga kagalingan, hangarin, at kalusugan na kailangan para sa mga serbisyo sa komunidad, at ninanais na mga resulta. https://ncapps.acl.gov/docs/NCAPPS_Definitions_RepresentativeExamples_200930.pdf

# IBA PANG MGA RESOURCE MULA SA DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES (DDS)

**Mga Serbisyo at Paglalarawan sa Regional Center** Karagdagang impormasyon tungkol sa regional centers at ang mga serbisyong ibinibigay nila na nakasulat sa iba't ibang wika. https://www.dds.ca.gov/rc/rc-services/
**Hanapin ang Inyong Regional Center** Kung hindi kayo sigurado kung saang regional center kayo dapat kumontak, makikita ninyo ito dito. https://www.dds.ca.gov/rc/lookup-rcs-by-county/
**Office of the Ombudsperson** Tumutulong sa inyo at sa inyong pamilya na ma-access ang mga serbisyo ng regional center na maaaring mapakinabangan sa ilalim ng Lanterman Act. https://www.dds.ca.gov/initiatives/office-of-the-ombudsperson/
**Impormasyon para sa mga Indibidwal at Pamilya** Para sa mga pamilya, kaibigan at tagapagtaguyod na tumutulong upang mamuhay ng maayos. https://www.dds.ca.gov/consumers/
**Programa sa Sariling Pagpapasya** Nagbibigay sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya ng higit na kalayaan, kontrol, at responsibilidad sa pagpili ng mga serbisyo at suporta. https://www.dds.ca.gov/initiatives/sdp/
**Paghahanda sa Emergency** Ang pagpaplano ay nakakatulong sa mga indibidwal at pamilya na maging handa para sa lahat ng uri ng mga sakuna. https://www.dds.ca.gov/consumers/emergency-preparedness-consumer/
**Mga Apela at Reklamo** Mga paraan upang lutasin ang mga problema at pag-aalala kung hindi nagaganap ang mga bagay-bagay sa plano. https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/



# Ang Plano Para sa Inyong Anak

## Suporta para sa Pagbuo ng Plano Para sa Inyong Anak Ayon sa Kanyang Pangangailangan

## Individual Program Plan (IPP)

DDS Department of Developmental Services

1215 O Street, Sacramento, CA 95814
https://www.dds.ca.gov